ConnectABILITY
A project of Community Living Toronto

# Pangsosyal na Komunikasyon

Ang pinakamagaling na paraan sa pagsulong ng galing ng komunikasyon ng bata ay ang pakikipag interaksyon sa iba.

Subukan ang:

**1. Himukin ang bata na makipaglaro sa inyo.**

Pagmasdan ang mga laruan o gawain na ikinasisiya ng bata. Tingnan ang mga pangyayari. Makipaglaro sa bata isalaysay ang ginagawa at nakikita mo, sa paggamit ng simpleng salita.

**2. Turuan ang bata sa turno sa paglalaro.**

Ito ang umpisa ng sosyal na pakikipag-interaksyon ng bata, ikaw, ang bata at ang ibang tao. Umawit ng kanta. Kapag alam niya ang kanta maghintay at himukin na ituloy ang kasunod. Maglaro ng bola. Maghalinhinan sa paggulong ng bola ng pasulong at paurong.

**3. Pagsabihan ang bata na tumingin sa iyo.**

Habang naglalaro at gumagawa ng pang araw-araw na aktibidades, humawak ng bagay sa harapan ng mukha at sabihin ang pangalan nito.

Tandaan lagi na bago pa gumamit ng salita ang mga bata sila ay nakikipagkomunikasyon na sa ibang dahilan, gaya ng:

- "humihiling", sige pa
- "humihingi" ng bagay
- "sinasabing" helo/bay
- "nagpapangalan"